Pag-iwas sa droga(cardnews) Ika -Limang Balita

Paano kung nag-aalala ka tungkol sa pinsalang dulot ng droga?

교육부
Ministri ng Edukasyon

한국교육환경보호원
Ahensiya ng Proteksyon sa Kapaligiran pang Edukasyon ng Korea

Ang adiksyon ay isang talamak na sakit sa utak

Patuloy na paggamit upang madama ang pagtugon sa kasiyahan

paggamit ng mga gamot na narkotiko

ang kawalan ng kakayahan na makaramdam ng kasiyahan sa araw-araw

panandaliang pagtugon sa kasiyahan na dulot ng neurotransmitter dopamine sa utak

- ✔ Ang adiksyon ay isang malalang sakit na nagdudulot ng mga pagbabago sa utak. Ang pagpagamot nito ay lubhang masakit at nangangailangan ng panghabangbuhay na pagsisikap.
- ✔ Walang eksepsiyon sa adiksiyon at hindi ka makakatakas sa sarili mong pagsisiskap lamang.
- ✔ Napakahalaga ang maagang pagtuklas at paggagamot.

※Source: Integrated Support Center for Addiction Management In Deajeon Dong-gu Website

Adiksyon sa Droga ay hindi personal na problema

- ✔ Ang adiksyon sa droga ay hindi lamang ang iyong sariling problema.
- ✔ Simula sa iyong sarili, ang iyong pamilya, mga kaibigan, sa iyong trabaho at sa lahat ng taong nasa paligid mo, Ito ay nag dudulot ng hindi na maibabalik na pinsala.
- ✔ Kung ang iyong anak o miyembro ng pamilya ay kumikilos nang hindi pangkaraniwan, nagpapakita ng matinding mood swings, o pinaghihinalaang paggamit ng sangkap, dapat mong tiyakin na nakatanggap sila ng naaangkop na pagpapayo, edukasyon, at paggamot sa lalong madaling panahon.

Kung pinaghihinalaan kang may kaugnayan sa droga o krimen, dapat ireport ito

Kung pinaghihilaan
kang isang krimen at may
kaugnayan sa droga.
dapat mong ireport ito sa
Opisina ng Pamban-sang Pulisya 112,
Tanggapan ng Taga-usig 1301 at sa
Serbisyo ng Customs ng Korea 125.

- ✔ Kapag ang pamilya, ang mga kakilala ay nauugnay, ang pag-tatago mula sa takot sa parusa ay maaaring maging sanhi ng mas malaking problema.
- ✔ Kung malinaw na gumamit ka ng droga nang labag sa iyong kalooban o hindi mo alam, maaring hindi ka mapaparusahan.

Prolema sa droga! Maari itong malutas nang magkasama sa pamamagitan ng pag-iwas, maagang pagtuklas at pagharap dito

- ✔ Isang maliwanag at malusog na lipunan na walang droga, magagawa ito sa pamamagitan ng pagsisikap nating lahat.
- ✔ Bigyan po natin ng pansin ang inyong pamilya upang maiwasan na malantad sa droga ang inyong mga anak.

Serbisyo sa pagpapayo at institusyong pang edukasyon.

☑ Korea Anti-Drug Headquarters : 1899-0893

- Maaring bisitahin ang 13 lokal na sangay ng lungsod/lalawigan sa buong bansa, magsulat, mag e-mail at magpakonsulta sa telepono.
- Pag pagamot sa Institusyong Medikal

Pagpapaospital, paggamot sa outpatient at mga institusyon ng pagpapayo

☑ Mga ahensya ng paggamot at proteksyon sa local na komunidad.

☑ Integrated Addiction Management Support Center

Mga materyales na pang edukasyon sa pag-iwas sa narcotics para sa mga estudyante o mga mag-aaral

☑ Sentro ng impormasyon sa kalusugan ng mga estudyante/mag-aaral : https://schoolhealth.kr

Ahensya ng pagrereport ng krimen sa droga

☑ Pulis: 112 ☑ Taga-usig/Prosekyutor: 1301 ☑ Custom Office: 125

※ Ang lahat ng personal na impormasyon ay mahigpit na pinananatiling kumpidensyal sa panahon ng mga konsultasyon sa pagpapayo, edukasyon at mga institusyon ng paggamot.

※ Ang pagpapayo ay magagamit hindi lamang para sa iyong sarili, kundi pati na rin para sa iyong pamilya at mga tao sa paligid mo.